



**transforming
age®**

Kultura ng Kahusayan®

Pag-unawa sa kaugnayan ng ating misyon
at mga pinapahalagahan

Ang ganap na pagbabago ng pananaw sa edad ay nasa gitna ng lahat ng ating ginagawa.

Tayo ang Transforming Age.

Ang ating misyon ay bumuo ng isang matagumpay na ecosystem ng mga solusyon sa pagtanda at mahabang buhay sa buong saklaw ng sosyo-ekonomikong spectrum na naglalagay sa nakatatanda sa sentro. Ang ating pilosopiyang Isang Customer ay naglalayong bigyang-daan ang matagumpay na pagtanda at isulong ang malusog na mahabang buhay. Isinusulong natin ang ating misyon sa pamamagitan ng ating limang saklaw ng misyon: pabahay, mga serbisyo sa komunidad, pakikipagsosyo, teknolohiya, at pagkakawanggawa. Ang ating integrated at nakasentro sa tao na mga solusyon ay nakakatugon sa mga tao kung nasaan sila at sumusuporta sa kanila sa buong buhay.

Ang ating logo ay kumakatawan sa misyong ito, na pinagsasama-sama ang ating limang saklaw patungo sa Isang Customer na nasa gitna ng lahat ng ating ginagawa.



Ang ating pananaw ay bigyang-daan ang matagumpay na pagtanda at isulong ang malusog na mahabang buhay.

Naniniwala tayo na pinayayaman ang lipunan ng mga nakatatanda, at nagsusumikap tayo sa ating network ng mga kaakibat upang palawakin ang mga posibleng mangyari habang humahaba ang buhay. Itinataguyod natin ang dignidad, koneksyon, at layunin upang ang mas mahabang mga buhay ay maging mas maayos na buhay. Sa pamamagitan ng ating mga serbisyo, komunidad, at pakikipagsosyo, gumagawa tayo ng mga kapaligiran kung saan ang mga nakatatanda ay maaaring mamuhay nang may maayos na kapakanan at pagkatao, pagiging kabilang, at kagalakan.

"Sama-sama, bilang isang network na nagsisilbi sa iisang customer sa bawat pagkakataon, **tinutulungan natin ang mga tao na gumawa ng mga makabuluhang taon**, hindi lamang ng mas marating taon."

"**Ang pagbabago ng pananaw sa edad** ay ang ating pang-araw-araw na gawain at ang ating pangmatagalang pangako."

"Ang pagtanda ay hindi isang problemang kailangang solusyunan. **Isa itong transpormasyon na kailangang harapin.**"

– **Torsten Hirche**

Presidente
at CEO

Ang ating 5 Saklaw ng Misyon



Pabahay

Nagbibigay tayo ng pabahay na sumusuporta sa kaligtasan, ginhawa, layunin, at koneksyon—lumilikha ng mga komunidad kung saan ang mga nakatatanda ay maaaring tumanda sa kanilang tahanan nang may awtonomiya at pagiging kabilang.



Mga Serbisyo sa Komunidad

Tinutulungan natin ang mga nakatatanda na manatiling malaya at aktibo sa pamamagitan ng pagtugon sa mga pang-araw-araw na pangangailangan at pagpapalakas ng mga koneksyon sa lipunan para sa mas mahusay na kalusugan at katatagan.



Pagkakawanggawa

Pinalalawak natin ang akses at binabawasan ang mga hindi pagkakapantay-pantay sa pamamagitan ng pagpopondo sa mas maayos na pagsasanay para sa mga tagapag-alaga, mas mahusay na karanasan sa mga residente, at mas matatag at abot-kayang mga komunidad.

“Pinipili nating maging isang positibong puwersa

sa trabaho at para sa ating pangkat, upang suportahan ang bawat isa, at upang gawin ang ating pinakamahusay na trabaho bawat araw at sa bawat pakikipag-ugnayan.”



Mga Pakikipagsosyo

Nakikipagtulungan tayo sa mga katuwang na nakabatay sa misyon upang palawakin ang mga mapagkukunan, mapabuti ang mga serbisyo, at makapaghatid ng mga inobasyon na magpapahusay sa kalidad ng buhay para sa mga nakatatanda.



Teknolohiya

Ginagawa nating mas personal, naaakses, at mahusay ang pangangalaga sa pamamagitan ng teknolohiyang sumusuporta sa kaligtasan, kalayaan, at mas mahusay na pagbibigay ng pangangalaga.



Kultura ng Kahusayan

Ang **Kultura** ay ang koleksyon ng mga ibinahaging paniniwala, mga pinapahalagahan, mga pamantayan, at mga pag-uugali na nagpapakilala at tumutulong na tukuyin ang isang grupo ng mga tao.

Ang **Kahusayan** ay nangangahulugan na pagsusumikap na maging pinakamahusay. Nangangahulugan din ito ng pagpapabuti at pagkatuto sa paglipas ng panahon nang may mas mahusay na mga kinalabasan.



“Habang lumilikha tayo ng **mga posibilidad na walang limitasyon** para sa ating mga kliyente at mga residente, ang bawat isa sa atin ay gumagawa ng mga posibilidad na walang limitasyon upang maimpluwensyahan ang ating pangkat.”

COE-nnecting the Dots

Ang **Kultura ng Kahusayan (Culture of Excellence, COE)** ay ang pag-unawa sa mga kaugnayan ng ating misyon, mga pinapahalagahan at mga layunin.

Ang bawat isa sa atin ay nag-aambag sa ating misyon at sa ating mga layunin sa pamamagitan ng paghahatid ng kahusayan at pagpapakita ng ating mga pinapahalagahan.



Ating Mga Pinapahalagahan

Sa paglilikha ng isang mahusay na karanasan para sa ating mga miyembro ng pangkat at mga residente/kliyente, mayroon tayong pagkakataong isabuhay ang ating mga pinapahalagahan. Paano natin binabati ang mga tao, paano natin pinangangalagaan at kung paano natin pinapalakas ang loob ng mga tao, paano natin ginagawa ang tamang gawain — bawat araw.

● Integridad

- Kumikilos tayo nang matapat, at ginagawa natin ang tama.
- Nakatuon tayo at makatotohanan.
- Nagsusumikap tayo upang makuha ang tiwala at ipinapakita mapagkakatiwalaan tayo.

● Pagtutulungan ng pangkat

- Nagtutulungan tayo at sinusuportahan ang bawat isa.
- Pinahahalagahan natin ang kontribusyon ng bawat miyembro ng pangkat.
- Ipinapakita natin ang pamumuno sa pamamagitan ng halimbawa upang pagsilbihan ang ating mga residente at mga kliyente.

● Paggalang

- Iginagalang at tinatanggap natin ang kahalagahan ng bawat tao.
- Kinikilala natin at pinahahalagahan ang pagkakaiba-iba ng ating pangkat, ating mga residente at ating mga kliyente.

● **Biyaya**

- Nagpapakita tayo ng kabutihan, empatiya at pagkahabag sa lahat.
- Ipinagdidiriwang at tinatanggap natin ang pagkakaiba ng bawat isa.
- Pinahahalagahan natin ang ating pangkat at ang ating pinaglilingkuran.

● **Kasayahan**

- Nagsasaya tayo.
- Ibinabahagi natin ang kasiyahan sa ating trabaho, ating pangkat, ating mga residente, at ating mga kliyente.
- Alam natin na ang isang positibong saloobin ay nag-aambag sa kahusayan.

● **Bagong Ideya**

- Tinutukoy natin ang mga pagkakataon upang mapabuti nang araw-araw.
- Nagbabahagi tayo ng mga ideya upang mapabuti kung paano tayo gumagana.
- Nagtutulungan tayo upang lumikha ng mga bagong solusyon.

● **Pananagutan**

- Inaako natin ang responsibilidad para sa ating mga aksyon.
- Ipinapaalam natin sa ating superbisor kung nagkamali tayo upang mabilis itong maayos.
- Pinapanatili natin ang mga mataas na pamantayan.

Ang Ating Mga Mahalagang Layunin

Sa bawat araw, ang ginagawa nating gawain ay siyang susi sa pagsusulong ng ating misyon at mga estratehikong layunin.

- **Maging lider sa matagumpay na pagtanda at mahabang buhay** sa pamamagitan ng pagsasabuhay ng ating Kultura ng Kahusayan sa bawat araw.
- **Gumaling at magbago** habang muling namumuhunan tayo sa mga programa at inisyatibo upang mapalawak ang ating epekto.
- **Maging katangi-tangi. Lumikha ng mga solusyon at serbisyo** na magpapasaya sa mga tao, magpapayaman ng mga karanasan, at magbibigay-daan sa isang matagumpay na paglalakbay sa pagtanda—habang nananatiling abot-kaya at naaakses.
- **Maging employer na pinipili at nangunguna sa pamamagitan ng halimbawa** dahil sa ating Kultura ng Kahusayan, na nagtatakda ng mataas na pamantayan para sa mga tao, produkto, at mga proseso.
- **Maging isang organisasyong pinapagana ng datos at kaalaman** sa pamamagitan ng paggamit ng mga kinalalabasan at mga pananaw upang makagawa ng mga desisyon nang mabilis at epektibo.
- **Pinalalakas ang ating tatlong pinakadulong linya.** Mga Tao, Paligid at Planeta. Hinaharap natin ang mahihirap na problema nang direkta nang may kahusayan sa pagpapatakbo at pagpapanatili ng kapaligiran, muling pamumuhunan at pagpapalawak ng ating epekto.



Nananalo ang pinakamahusay na ideya, hindi ang ranggo sa organisasyon.

Isang Pangkat

Ang ating oras, pagsisikap, lakas, at saloobin ang humuhubog sa ating Kultura ng Kahusayan. Sa bawat araw, nakakatulong ka sa isang kilusan na nagpapahusay sa mga buhay, ginagabayan ng ating paniniwala sa pamumunong mapaglingkod at ng ating pangakong maglingkod nang may layunin at kababaang-loob.



Kultura ng Kahusayan sa Aksyon

Ang kahusayan ay hindi lamang kung ano ang ating pinagsisikapan. Ito ay kung sino tayo. Sa bawat araw, isinasabuhay natin ang ating misyon sa pamamagitan ng paglilingkod nang may puso, pamumuno nang may integridad, at paglikha ng ligtas at maunlad na mga komunidad at espasyo. Sama-sama, itinatakda natin ang mataas na pamantayan at inaabot ito nang may positibo at makakayang gawin na pananaw. Ang mga aksyon na ito ang nagbibigay-kahulugan sa atin at nagbibigay-inspirasyon sa atin na ibigay ang ating pinakamahusay para sa mga residente, kliyente, at sa isa't isa.

Napakahusay na Serbisyo

Gumagawa Tayo ng isang Napakalusay ng Impresyon:

- **Tinatrato natin ang lahat** nang may kabaitan, habag, at paggalang—sa lahat ng pagkakataon.
- **Lubos tayong gumagalang:** binabati natin ang mga nakapaligid sa atin at ibinibigay ang ating buong atensyon sa taong nasa harap na natin.
- **Nakikipag-usap tayo** nang may propesyonalismo at sigla sa bawat pakikipag-ugnayan.
- **Sinusunod natin** ang mga pamantayan sa pag-aayos at pananamit upang maipakita ang kahusayan.
- **Nililimitahan natin** ang mga personal na elektronikong kagamitan sa mga oras ng pahinga at pinapanatiling bihira ang paggamit nito kapag nasa piling ng iba.
- **Pinapanatili nating** propesyonal ang mga pag-uusap at sa naaangkop na lakas ng tunog.

Nakikipagtulungan Tayo nag May Kaisipan ng May-ari:

- **Inaako natin ang responsibilidad** para sa magagandang resulta at gumagawa ng mga desisyong may kapangyarihan.
- **Ipinakikita natin** ang ating mga pinapahalagahan nang may sigasig at layunin sa lahat ng ating ginagawa.
- **Nangangako tayo para sa tagumpay** ng ating misyon, ating pangkat, at mga pinaglilingkuran natin.

"Natutunan ko na makakalimutan ng mga tao ang iyong sinabi, makakalimutan ng mga tao ang iyong ginawa, ngunit hindi kailanman makakalimutan ng mga tao **kung ano ang iyong ipinaramdam sa kanila.**"

- Maya Angelou



Nagbibigay tayo ng Napakahusay na Karanasan:

- **Nag-aalok tayo ng mga solusyon** sa mga tanong o mga alalahanin—hindi kailanman iiwan ang sinuman nang walang sagot.
- **Nagtatanong tayo**, “May iba pa ba akong maitutulong para sa iyo?” bago tapusin ang isang usapan.
- **Sinasamahan natin ang mga kliyente at mga residente** kapag nagbibigay ng mga direksyon o naghahanap ng taong makakapagbigay nito.
- **Hinaharap natin ang mga tanong o alalahanin** gamit ang H.E.A.R. (Hear, Empathize, Apologize, Resolve).

H

Pakinggan ang isyu.

Makinig nang mabuti para siguradong mauunawain natin.

E

Umunawa.

Ipapakita natin na nauunawaan natin ang kanilang pananaw at kung ano ang kanilang nararamdaman.

A

Humingi ng paumanhin. Para sa isyu at sa anumang kaabalahan na maaaring idinulot nito sa kanila.

R

Lutasin. Gawin mo ang lahat para malutas ang isyu o maghanap ng taong makakalutas nito.

“Dahil sa ngiti mo, ginagawa mong mas maganda ang buhay.”

– Thich Nhat Hanh

Napakahusay na Pamumuno

Nangunguna Tayo sa Pamamagitan ng Halimbawa:

- **Tayong lahat ay mga pinuno.** Ginagawa natin ang tama at pinaglilingkuran ang isa't isa.
- **Tayo ay mausisa at maliksi.**
- **Nirerespeto natin ang mga pagkakaiba sa kultura** at niyayakap ang pagkakaiba-iba, pagkakapantay-pantay, at pagiging inklusibo.
- **Sinusuportahan natin ang mga miyembro ng pangkat** at ipinapalagay ang pinakamahusay na mga intensyon.
- **Nagsasalita tayo** para sa mga pagkakataon sa pagpapabuti.
- **Nag-aambag tayo** sa isang positibo at maayos na kapaligiran sa trabaho— lalo na sa mga oras ng stress.
- **Pinapanagot natin ang ating mga sarili** at ang ibang tao.
- **Sinisiguro natin** na ang pinakamahusay na ideya ang mananalo—hindi ang ranggo.
- **Kapag nakagawa na ng isang desisyon**, nangangako tayo dito at sumusulong.
- **Nilulutas natin ang salungatan** nang mabilis at propesyonal.
- **Tinatanggap natin** ang mga bagong miyembro ng ating pangkat nang may sigla at inklusyon.

Nakakamit Natin ang mga Resulta:

- **Tinatanggap natin ang responsibilidad** para sa mga aksyon at mga kinalalabasan.
- **Ginagawa natin ang pinakamahusay sa atin** at mayroon tayong isang masigasig na saloobin.
- **Ginagawa natin ang ating mga trabaho nang tumpak at lubusan**, at ganap na ginagampanan ang mga responsibilidad na saklaw ng ating paglalarawan sa trabaho.

- **Naghahatid tayo** ng mataas na kalidad na mga resulta para sa pinakamahusay na epekto.
- **Kumikilos tayo nang may layunin** at kumikilos nang walang pagpapaliban.
- **Inaasahan natin ang mga pangangailangan** at isinasaalang-alang ang maraming hindi inaasahang mga kinalabasan.
- **Nagsasagawa tayo ng pagtitipid** at binabawasan natin ang mga gastusin. Hindi tayo maaksaya.
- **Nagsusumikap tayo para sa pagpapanatili ng pananalapi**—dahil kung walang tubo, walang misyon. Ang bawat kaakibat ay dapat na matatag sa pananalapi upang matugunan ang epekto ng misyon.
- **Patuloy na** pinapahusay natin ang ating mga kasanayan at umuunlad araw-araw.
- **Mahusay nating pinamamahalaan** ang mga pagpupulong upang masulit ang oras sa paglilingkod sa mga residente at mga kliyente.
- **Pinapanatili natin ang mga bagay na simple** at nakapokus.

Nagbibigay Tayo ng Mahusay na Komunikasyon:

- **Kinikilala natin** ang mga trabahong mahusay ang pagkakagawa at nagpapahayag ng pasasalamat.
- **Tayo ay bukas** at malugod na tinatanggap ang bukas na talakayan—kahit na sa mga hindi pagkakasundo.
- **Tinutugunan natin ang mga hindi pagkakasundo** nang direkta doon sa mga kasangkot.
- **Iginagalang natin ang pagiging kompidensiyal** at gumagamit ng paghahatol kapag nagdodokumento o nagbabahagi ng impormasyon.
- **Hindi tayo nagtsitsismis**—kailanman.

- **Nagsasalita tayo sa isang propesyonal na tono** at itinataas lamang ang ating mga boses para sa kaligtasan.
- **Sa maikling paraan tayo nakikipag-usap** gamit ang 5W at 1H (Bakit, Ano, Sino, Kailan, Saan, Paano).
- **Tumutugon tayo sa mga mensahe** (email, text, voicemail) sa loob ng 24 oras hangga't maaari.

Mahusay na Kaligtasan at Pagsunod

Itinataguyod Natin ang Mahusay na Kaligtasan:

- **Agad nating iniuulat at tinutugunan** ang mga hindi ligtas na kondisyon o mga aksyon upang protektahan ang lahat.
- **Nananatili tayong napapanahon** sa mga kagamitang pangkaligtasan at tinutulungan ang mga residente at mga kliyente sa wastong paggamit nito.
- **Ipinaaalala natin** sa iba ang mga pamamaraan sa kaligtasan at aktibong nakikilahok sa mga drill at mga pagsasanay.
- **Sinusunod natin ang lahat ng alituntunin** para sa mga computer system at mga kagamitan sa trabaho upang mapanatili ang seguridad pati na rin ang mga drill na pangkaligtasan at mga pagsasanay.

Lumilikha Tayo ng isang Ligtas na Kapaligiran para sa Lahat:

- **Nananatili tayong alerto** sa ating kapaligiran sa lahat ng oras.
- **Pinapanatili natin na** malinis, maayos, at propesyonal ang mga lugar ng trabaho.
- **Agad nating pinupulot** at itinatapon ang basura.
- **Agad nating iniuulat** ang tungkol sa mga sirang muwebles, mga nakakabit, o kagamitan.

Tinitiyak Natin ang Pagsunod:

- **Pinoprotektahan natin** ang pagiging kompidensiyal— hindi kailanman ibinabahagi ang impormasyon ng residente, kliyente, negosyo, o miyembro ng pangkat nang walang pag-apruba.
- **Alam natin** at sinusunod ang mga kinakailangan ukol sa pagsunod at mga legal na kinakailangan para sa ating tungkulin.
- **Agad nating iniuulat** ang pinaghihinalaang karahasan, pang-aabuso sa nakatatanda, kapabayaan, panliligalig, pambu-bully, pagnanakaw, o pandaraya.
- **Iniuulat natin** ang mga kahina-hinalang mga aktibidad o bagay kaagad.
- **Ginagamit natin** ang Compliance Hotline (1-800-275-9575), transformingage.org, o ang QR code para sa mga alalahaning hindi tayo komportableng i-ulat sa namamahala.



"Walang pakialam ang mga tao kung gaano ka kaalam hangga't alam nila kung gaano ka nagmamalasakit."

- Theodore Roosevelt

COE-nnecting the Dots

Dahil lahat tayo ay may papel sa ating misyon na maglingkod sa mga nakatatanda, hinihikayat namin kayong pag-isipan ang mga tanong na ito at unawain ang mga ugnayan sa pagitan ng misyon, mga pinapahalagahan, at mga layunin.

- **Ano ang ibig sabihin ng Kultura para sa iyo?**
- **Ano ang ibig sabihin ng Kahusayan para sa iyo?**
- **Paano ka kumokonekta sa ating misyon at sa ating mga pinapahalagahan?**
- **Anong mga sipi ang nagbibigay sa iyo ng inspirasyon na gawin ang pinakamahusay mo?**



Misyon



Mga Pinapahalagahan



Mga Layunin





SALAMAT

Salamat sa pagsali sa pamilya ng Transforming Age, sa pagsuporta sa ating misyon at sa pagpapabuti sa mga buhay ng mga nakatatanda. Gusto kong makarinig mula sa inyo. Tinatanggap ko ang inyong mga ideya, malaki man o maliit, kritisismo o komento, mag-email lang sa akin sa ideas@transformingage.org

Sama-sama nating mababago ang mundo!



Torsten Hirche

Pangulo at Punong Opisyal
na Tagapagpaganap

TransformingAge.org
425-559-6301
© 2026 Transforming Age
Version 6.0 2026

